Mga Patakaran para sa **Samahan ng Barangay Kariya City (SBK)**

(Pangalan)

Artikulo 1 Ang pangalan ng samahang ito ay ang sumusunod:

**Samahan sa Barangay Kariya** acronym: SBK

(Kawanihan/Opisina)

Artikulo 2 Ang secretariat ng samahang ito ay itatalaga sa 1st floor ng Kariya Civic Exchange Center (Kariya Citizens Volunteer Activity Center) na may adres, 1-32-2 Toyocho, Kariya City.

(Layunin)

Artikulo 3 Ang samahang ito ay itatatag sa Oktubre 20, 2019na may layuning tulungan ang mga Filipino na magkasamang manirahan sa Japan magkamag-anak man o hindi at anuman ang paniniwala, relihiyon at uri ng trabaho.

(Aktibidad)

Artikulo 4 Isasagawa ng samahang ito ang mga sumusunod na mga aktibidad upang makamit ang layunin sa naunang artikulo.

(1) Pagtalakay at pagbabahagi ng kaalaman, pamamaraan at karanasan sa pamumuhay dito sa Japan
(2) Pagtutulungan, pagdadamayan at bayanihan
(3) Sugpuin at maiwasan ang mga bagay na ikasasama ng bawat Filipino
(4) Ipagdiwang ang mga mahahalagang okasyon para sa mga Filipino
(5) Magkaroon ng mas malawak na pang-unawa at matibay na relasyon hindi lamang sa mga Hapon kundi pati na rin sa iba pang dayuhan (Brazilian, Tsino at iba pa)
(6) Maipagmalaki ang kulturang Filipino at iba pang natatanging galing at abilidad

(Paraan ng pagsali)

Artikulo 5 Ang mga nais sumali ay kailangang magsumite ng application form sa sino mang opisyal ng samahan.

(Bayad sa pagsali)

Artikulo 6 Walang taunang bayad sa pagiging miyembro.

(Pag-alis sa samahan)

Artikulo 7 Maaaring umalis sa samahan ano mang oras at nararapat ipaalam kaagad ang intensyon sa sino mang opisyal.

(Pamunuan)

Artikulo 8 Ang mga sumusunod na opisyal ang bumubuo ng pamunuan.

(1) Presidente (President ) 1 tao

(2) Bise-presidente (Vice president) 1 tao

(3) Kalihim (Overall Secretary) 1 tao

(4) Ingat-yaman (Treasurer) 1 tao

2 Ang mga opisyal ay ihahalal sa pangkalahatang pagpupulong o general assembly.

3 Dalawang taon ang termino ng bawat opisyal. Subalit, maaari rin magkaroon ng reappointment.

(Mga tungkulin ng pamunuan)

Artikulo 9 Ang tungkulin ng mga opisyal ay ang mga sumusunod:

(1) Ang Presidente ang siyang kakatawan sa asosasyon at magpapalakad ng kabuuang aktibidad nito.

(2) Ang Vice-president ang siyang susuporta at siyang mamumuno kapag may emergency o wala ang president.

(3) Ang over-all secretary ang siyang magiging responsable sa mga trabahong pang-administratibo.

(4) Ang treasurer ang siyang mamamahala ng mga pag-aari na may kaugnayan sa mga aktibidad ng samahan.

(Pag-aari)

Artikulo 10 Ang mga pag-aari ng samahang ito ay ang mga sumusunod.

(1) Mga kinita mula sa mga aktibidad

(2) Mga bagay at perang galing sa subsidy at donasyon

(3) Iba pang kita

(Pangkalahatang Pagpupulong (General assembly)

Artikulo 11 Ang general assembly ay isang pagpupulong na dadaluhan ng mga miyembro at gaganapin ng hindi bababa sa isang beses sa isang taon.

2 Ang Pangkalahatang Pagpupulong ang siyang magdedesisyon ng mga sumusunod :

(1) Report ng mga aktibidad at pagbalanse ng account

(2) Paghirang o pagpapaalis ng mga opisyal

(3) Pagbabago ng mga patakaran ng samahan

(4) Iba pang mga mahahalagang bagay tungkol sa pagpapatakbo ng samahan

3 Ang mga desisyon sa general assembly ay mabibigyang bisa kapag dumalo ang higit sa kalahati ng pangkalahatang bilang ng miyembro (kabilang ang may padalang consent letter).

4 Ang mga resolusyon para lamang sa Item 2 ay nangangailangan ng pag-apruba ng kalahati o higit pa na bilang ng mga dumalo.

(Regular na pagpupulong)

Artikulo 12 Ang mga regular na meeting ay gagawin sa pagitan ng pamunuan at mga miyembro na boluntaryong dadalo.

2 Ang mga regular na pagpupulong ay karaniwang gagawin sa ika-3 Linggo ng bawat buwan upang suriin at maghanda para sa mga aktibidad ng samahan.

*

(Piskal na taon)

Artikulo 13 Ang piskal na taon ng samahang ito ay magsisimula ng Enero 1 at magtatapos ng Disyembre 31.

(Pagbubuwag ng samahan)

Artikulo 14 Ang samahan na ito ay maaring mabuwag sa mga sumusunod na dahilan.

(1) Maging resolusyon o mapagpasyahan sa pangkalahatang pagpupulong

(2) Kakulangan ng mga regular na miyembro

Mga karagdagang probisyon

· Ang mga patakarang ito ay magkakaroon ng bisa mula sa Oktubre 20, 2019.